

Catherine Diamond

Snow White and the Apple's Revenge Si Snow White at ang Ganti ng Mansanas

Cast

Tauhan

Queen, Queen

Mirror, Mahiwagang Salamin

Snow White, Snow White

Marbete, a hunter, Marbete, isang hunter

Dwarves 1-7, Dwarves 1-7

Prince, Prinsipe

Servant 1, Servant 1

Servant 2, Servant 2

Grandchild (could be a doll or puppet) , Apo (manika o puppet)

Scene 1

Queen: *(sewing by the window)* Hay, kailan ba ako magkakaanak. *(pricks her finger)* Aray!
Ang ganda pala pagmasdan ng dugo sa snow. Sana ang magiging anak ko ay 'sing puti ng snow,
ang mga labi niya na 'sing pula ng dugo, ang kanyang buhok na 'sing itim ng uwak, at shempre,
sana ay kasing talino ko rin! *(sucks finger)*

Black out

Scene 2

(One year later. Queen pacing in her room)

Queen: Dapat masaya ako eh, pero hindi! Nakalimutan ko hilingin na sana kamuka ko ang
anak ko! Hay. Simula ng ipinanganak ko siya, pakiramdam ko tumanda ako ng
husto at pumangit. Marahil ang Mahiwagang Salamin ang magsasabi sa akin ng
totoo.

Salamin, salamin, ako'y sagutin.

Sino ang pinaka maganda sa iyong paningin?

M. Salamin: Aba'y, shempre, ikaw mahal na Reyna ang pinaka maganda sa aking paningin!

Queen: Talaga?

M. Salamin: Pinagdududahan mo ba ang aking katapatan, kamahalan?

Queen: Hindi, hindi. Salamat. Masaya ako sa aking narinig.

M. Salamin: *(pabulong)* Sa ngayon, pero pag nagtagal...

Queen: May sinasabi ka ba?

M. Salamin: W...wala, kamahalan. *Black out.*

(15 years later)

S. White: Magandang umaga, mahal na ina! Nakatulog po ba kayo ng mahimbing?

Queen: Hindi. Binangungot ako na ako raw ay tumanda at pumangit! Sobrang pangit na hindi ko maatim magpakita sa kahit kanino kaya ako raw ay nagtago hanggang sa ako'y mamatay.

S. White: Aba'y isang bangungot nga, ina! Hindi kahit kailan sumagi sa isip ko na iyon ay posibleng mangyari. Sa sobrang ganda mo nga'y akala ng mga tao ay magkapatid lang tayo at hindi mag-ina!

Queen: Talaga, hija?

S. White: Opo, mahal na ina. Sabi nila na ang ganda ko ay walang sinabi sa ganda mo.

Queen: Tama sila. Mas maganda ako. Salamat, anak. Nakalimutan ko na ang bangungot ko.

S. White: Hay, Salamat! *(leaves)*

Queen: *(Queen happily looks in the mirror and then frowns and sighs)* Niloloko lang kita... Salamat sa magic ng make-up.

M. Salamin: Alam ko.

Queen: Nagpa-face lift pa nga ako at botox.

Mahiwagang salamin, sa akin sabihin,
Sino ang pinaka maganda sa inyong paningin?

M. Salamin: Ikaw kamahalan, ay maganda at ito'y totoo.
Subalit ang ganda ni Snow White ay walang katulad at namamayani sa paningin ko.

Queen: *(raises mirror to break it)* Sinungaling!

M. Salamin: Basagin mo man ako ay hindi magbabago ang katotohanan.

Queen: Tama ka. *Siya* ang kailangan ko basagin at hindi ikaw!

M. Salamin: Pero.. anak mo siya. Pinagdasal mo na magka-anak ka ng tulad niya.

Queen: Sa tuwing sasabihin niya ang salitang "ina", pakiramdam ko napaka tanda at pangit ko na.

M. Salamin: Mas matanda ka naman kasi talaga sa kanya. Anak mo siya.

Queen: Pero hindi ko kaya na ikinokompara kami sa isa't-isa. Kailangan niya mawala!

M. Salamin: Pero hindi hihinto ang oras.

Queen: Pero mababawasan ang pag-aalala ko. (*calls offstage*) Ipatawag ang hunter na si Marbete. Minsan na akong inibig ni Marbete. Tiyak na madali ko siyang mapapasunod sa aking nais mangyari.

Marbete: (*enters*) Pinatawag niyo daw po ako, kamahalan? Nais mo ba ng pato o usa? O ibang laman ang hinahanap mo ngayon, aking Reyna?

Queen: Espesyal na laman ang gusto ko, Marbete. At ikaw lang ang pinagkakatiwalaan kong makakakuha nito para sa akin. Dalin mo si Snow White sa gubat at patayin mo siya. Dalin mo sa akin ang atay niya bilang katunayan na natupad mo ang aking kahilingan.

Marbete: Pero mahal na Reyna... hindi ko yata kaya gawin ang pinagagawa niyo. Anak niyo siya at hindi ako mamamatay tao!

Queen: Hindi lihim sa mga tao ang nakalipas natin Marbete at ngayon ay naririnig ko na pinag chichismisan ng mga katulong na anak mo si Snow White at hindi ng Hari.

Marbete: Imposible! Hindi maaari yun!

Queen: Posible siya, Marbete. At kung magduda man ang Hari...

Marbete: (*frightened*) Alam mo na ako'y iyong tapat na tagapag-lingkod.

Queen: Pwes, patunayan mo.

Marbete: Pero siya'y labing-anim na taong gulang lang!

Queen: Mamili ka. Ikaw? O siya? Pag natupad mo ang pinagagawa ko, may malaking pabuya ka pagbalik mo. (*she leaves*)

Black out

Scene 3

(*in the garden, and then into the woods*)

Marbete: Snow White, may nakita akong puting usa kaninang umaga sa gubat! Gusto mo ba akong samahang hanapin ito?

S. White: Puting usa? Sige po, sasama ako! (*as they walk, she picks the flowers and chatters about them but Marbete is silent*)

Marbete: Hanggang dito na lang tayo.

S.White: Pero wala dito ang puting usa.

Marbete: Oo, nasa dulo pa yun ng gubat pero hanggang dito na lang tayo. Inutusan ako ng Reyna na patayin ka.. pero hindi ko kaya.

S. White: Patayin ako? Pero bakit? Anong nagawa ko?

Marbete: Tingin niya kasi ako ang.... Hindi, tingin niya na ikaw ay...hindi.. hindi ko talaga alam kung bakit! Pero ikaw, magpakalayo-layo ka na at wag ng babalik dito!

S.White: Mabubuhay ako. Salamat sayo, alam ko kung paano mabuhay sa gubat.. anong mga halaman ang pwede kainin at saan makakakuha ng mga sibuyas at prutas. Pero ikaw.. paano ka sa iyong pagbalik?

Marbete: Papatay ako ng baboy ramo at kukunin ang atay nito.
Black out.

Scene 4

(In the Queen's room. Marbete enters.)

Queen: Nagawa mo ba?

Marbete: Ito kamahalan ang kanyang atay.

Queen: Mahusay. Dalin mo yan sa kusina at sabihin mo sa kusinero na ihawin iyan.

Marbete: Wag naman kamahalan!

Queen: Ito ang ginto. Mas ligtas ka sa labas ng kaharian. Makakaalis ka na aking tapat na tagapaglingkod! *(he goes, she calls off stage)* Guards! Pag-alis niya ng kaharian, patayin niyo siya agad.
Black out.

(Queen is sitting down, wipes mouth with napkin and burps)

Queen: Ang sarap ng karne na ito. Napakasarap! Ngayon, Mahiwagang Salamin, sino ang pinakamaganda sa iyong panigin?

M. Salamin: Ikaw kamahalan, ay maganda at ito'y totoo.
Subalit ang ganda ni Snow White ay walang katulad at siya pa ring namamayani sa paningin ko.

Queen: Sinungaling ka!

M. Salamin: Buhay pa siya, kamahalan.

Queen: Tinraydor ako ni Marbete! Papatayin ko talaga siya!

M. Salamin: Pinapatay mo na siya, kamahalan ngunit ako'y mananatiling tapat sa inyong lingkod.

Black out.

Scene 5

(In the woods)

S. White: Pag kumain pa ako ng isa nitong ligaw na sibuyas, magkakasakit na ako. Teka, ano yun? Kubo? *(She opens the door, surprised)* Aba! Pitong upuan, sopas sa kusina, at mainit na tinapay! Ang bango! *(she helps herself)* Pitong kama, mukang kumportable! Ang linis ng mga linen at ang lambot ng mga kumot at unan... pwede ako makatulog ng pitong tulog ditooo.... *(she falls asleep)*

(dwarves enter singing)

Dwarf 1: *(inside the house)* Aba! Mukang may naupo sa upuan ko!

Dwarf 2: May gumamit ng kutsara't pamunas ko.

Dwarf 3: May kumain ng sopas ko!

Dwarf 4: May bumawas sa tinapay ko.

Dwarf 5: May bawas din ang beer/inumin ko!

Dwarf 6: May gumamit din ng toothbrush ko!

Dwarf 7: May natutulog *pa* sa kama ko!

Dwarf 1: Babae!

Dwarf 2: Pabayaang muna natin siya matulog.

Dwarf 3: Gisingin natin!

Dwarf 4: Kastiguhin na lang natin siya bukas ng umaga.

Dwarf 7: Ok lang sayo kasi sa kama *ko* siya natutulog.

Dwarf 5: Kaya sa sahig ka muna matulog ngayon.

Dwarf 7: Kung hindi lang siya maganda, pinalayas ko na siya!

Black out.

(Next morning they all sit around the table with Snow White)

Dwarf 2: *(coughs)* Hmm.. Mahirap paniwalaan ang kwento mo pero malinaw na hindi ka pwede bumalik sa palasyo.

Dwarf 6: Kailangan naming magtrabaho araw-araw. Bilang isang prinsesa, malamang hindi mo kaya gawin ang trabaho namin sa minahan.

S. White: Kung gusto niyo, kaya ko maglinis ng bahay, magluto, ligpitin at ayusin ang pinaghigaan niyo, maghugas, manahi, at gawing malinis at maaliwalas ang buong bahay!

Dwarf 4: Hindi mo ba nakikita na kaya namin gawin ang lahat ng yan?

Dwarf 5: Wala ka na bang ibang alam gawin bukod sa mga iyan, Snow White?

S. White: Hmm. Kaya ko magtanim ng mga gulay at halamang gamot. Kaya ko gamutin ang sipon mo.

Dwarf 6: At itong sugat ko?

S. White: Oo!

Dwarf 1: Pati magpatubo ng kamatis?

S. White: Oo!

Dwarf 4 Cucumbers and carrots?

Dwarf 4: Pati pepino at carrots?

S. White: Oo!

Dwarf 7: Pati labanos at mga beans?

S. White: Oo, kaya ko!

Dwarf 6: Paano naman itong paltos ko?

S. White: Kaya kong gamutin yan.

Dwarf 1: *(whispers, they vote)* Sige, dumito ka na muna. Ligtas ka ditto.

Dwarf 4: Pero wag ka makikipag usap sa mga estrangherong Reyna na mapapadaan dito.
Black out.

Scene 6

(In the palace)

Queen: *(looking in the mirror)* Hindi ako makapaniwala! Pini-pimple pa ako sa edad na ito? Mahiwagang salamin sa aking harapan, sino ang pinakamaganda sa sangkalupaan?

M. Salamin: Ikaw, kamahalan ay may angking kagandahan,
Ngunit si Snow White na nasa kagubatan
Ay may gandang bukod tangi sa sangkalupaan.

Queen: Buhay pa siya?! Ako na ang tatapos sa kanya! Tingnan natin... kailangan ko mag-iba ng anyo bilang isang matandang maglalako.

M. Salamin: *(mutters)* Madali na yan para sa'yo.

Queen: Manahimik ka! Magbebenta ako ng makukulay na laso at lace!

M. Salamin: Hindi siya tanga or interesado sa mga bagay na walang kabuluhan, kamahalan. Nag-uubos siya ng oras sa hardin at nagtatanim ng mga gulay at prutas.

Queen: Kung ganon. Alam ko na ang dapat kong gawin. *(she dresses up in smart suit and modern wig and carries a brief case)*

Black out.

Scene 7

(at the hut in the woods; Snow White is working in the garden. Dirt smudges on her face)

Queen: Aba, hija. Ang ganda naman ng iyong hardin.

S. White: Salamat po. Kinagigiliwan ko ang pagtatanim.

Queen: Pero kung hindi umuulan...

S. White: Kumukuha ako ng tubig sa ilog...

Queen: Kung umulan agad?

S. White: Tinatakluban ko sila para magkaron ng silong ang mga halaman.

Queen: Pag nag snow ng mas maaga?

S. White: Nagsisiga ako.

Queen: Hindi mo masabi ang panahon ngayon. Ang bilis magbago.

S. White: Iba't-ibang klase ng gulay ang tinatanim ko, para kung may hindi tumubo, may iba na maari pa rin tumubo. Sa dulo, meron pa din kaming makakain.

Queen: Mahusay kang hardinera. Baka interesado ka subukan ang GMO soybeans ko?

S. White: Marami na akong tanim na beans.

Queen: Masustansya at masarap ang soya. Malakas ang mga buto nito at kaya labanan ang kahit anong herbicide. Pwede kita bigyan ng libreng samples ng spray.

S. White: Hindi pa ako nakakagamit ng spray. Hindi ba niyan papatayin ang iba kong mga tanim?

Queen: Mukang ung pwesto roon ay perpekto para sa mga buto nitong soya.

S. White: Okay, sige na nga. Susubukan ko na siya. *(she takes the seeds and the Queen leaves. Snow White plants the seeds and tends the crop. They sprout with magic quickness)*

Black out

(sitting at the table for dinner)

S. White: Ano tingin niyo ditto sa bagong soybean?

Dwarf 2: Gusto ko tong dofu sa sopas.

Dwarf 3: Nagustuhan kong nguyain itong dofu gan.

Dwarf 4: Nagustuhan ko itong akin na may kasamang luya.

Dwarf 5: Gusto ko itong akin na red bean, dou hua.

Dwarf 6: Gusto ko itong soy fake meat.

Dwarf 7: Mas gusto ko tong hot dou jiang para sa almusal.

S. White: At ang toyo na pwede sa lahat! Ang problema lang ay ung herbicide. Inuubo ako dito at may iba tayong tanim na namatay na rin dahil sa herbicide.

Dwarf 7: *(to himself)* Parang may mali... *(the rest eat with gusto)*

Black out

Scene 8

(In the palace)

Queen: Mas okay na ang pakiramdam ko ngayon. Mukang mas okay na rin ang itsura ko.

Mahiwagang salamin, ako'y sagutin.
Sino ngayong araw ang pinakamaganda sa ating lupain?

M. Salamin: Ikaw, kamahalan, ay ubod ng ganda. Ngunit sa bawat araw na lumilipas, si Snow White ay mas lalong gumaganda.

Queen: Ngunit, paano?

M. Salamin: Ang soybeans na binigay mo ay mayaman sa protina. Mas naging malusog sila ng mga dwende.

Queen: Ano ba yan! Binasa ko ung 'green' propaganda. Sabi don na masama ang GMO sa mga tao at masama rin para sa mundo! Dapat may sakit na siya ngayon! Tsk. Hindi pwede ito.. kailangan kong kumilos ulit.

(in the woods at the hut)

Queen: Kamusta hija, mukang mas gumanda ang hardin mo pero parang medyo tuyo. Nagustuhan mo ba ang mga soybean?

S. White: Opo! Maraming Salamat po. Pero hindi po naming nagustuhan ung spray. Nahihilo po ako tuwing ginagamit ko.

Queen: Dibale. Meron akong bago dito, drought resistant corn -kaya niya tumubo sa tag-tuyo't!

S. White: Mukang praktikal po yan. Kinakatakot ko ng apo baka mas matindi ang tag-tuyo't sa susunod na taon.

Queen: Baka kahit ang ilog ay d mo na maasahan sa susunod na taon.

S. White: Wag naman po sana. Sige po, tatanggapin ko na ang mais. Mukang matutuwa po ang 'pamilya' ko pag ipinagluto ko sila ng Mexican food mamaya. Palagi po kasing Chinese food ang pagkaing naihahanda ko nitong mga nakaraang araw.

Queen: Pwede mo subukan ang East-West fusion. Siya, mauuna na ako. *(She laughs and leaves. Snow White plants the corn and it grows magically tall)*

Black out

(dwarves sit around the dinner table)

Dwarf 1: Paborito ko ung mais na nasa barbeque stick!

Dwarf 2: At fresh tortillas!

Dwarf 3: Enchiladas at tacos!

Dwarf 4: Burritos at tomares!

Dwarf 5: Na lahat ay pinirito sa corn oil.

Dwarf 6: At may corn soup!

S. White: Oo, patatamisin ng corn soup ang lahat ng yan!

Dwarf 7: Parang may mali. Hindi ko gusto 'to...

Dwarf 3: Sa dami ng soybeans at mais natin, Snow White, pwede natin ipakain sa mga baboy at manok ang iba nito.

S. White: Hindi na yata kaya ng katawan ko.

Dwarf 3: Oo, wag ka mashado magpakapagod. Mawawala ang ganda mo niyan.

S. White: Salamat.
Black out.

Scene 9
(In the palace)

Queen: Salamin, salamin sa aking dingding,
Sino ang dilag na kaakit akit sa iyong paningin?

M. Salamin: Aking kamahalan, walang kupas ang iyong kagandahan,
Ngunit, ang ganda ng masipag na si Snow White ay di mo kayang labanan,
Ngayon nga lang ay hindi na siya sing puti tulad ng dati.

Queen: Bagay ba ang pangalang Dirt Brown sa kanya?

M. Salamin: Nakakatawa pero wala kang laban sa ganda ng kalooban ng bata.

Queen: Wala kang kakayahan makita ang ganda ng kalooban ng tao.

M. Salamin: Kaya ko.

Queen: May perpekto akong regalo para kay Snow White. *(smiles)*

M. Salamin: Hindi ko gusto yang ngiti mo diyan, kamahalan. Nasisira ang make-up mo pag ngumingiti ka.

Queen: Ung crack sa mukha mo ang atupagin mo.
Black out.

(in the woods, at the hut)

Queen: Naku hija, ano nangyari sa hardin mo? Bakit pumangit?

S. White: Namatay ang karamihan sa mga tanim ko. Ang tanging naiwan na lamang ay ang bigay mong mais at soybeans. Madalas din ay pagod na pagod ako.

Queen: Magpahinga ka na muna. (*hands her an apple*)

S. White: Ang gandang mansanas! Mukang malutong at juicy!

Queen: Sige hija, subukan mo.

S. White: Paano ko masisigurong wala itong lason?

Queen: Bakit naman kita bibigyan ng mansanas na may lason, hija?

S. White: Hindi ko alam. Pero posibleng mangyari.

Queen: Sige, ako muna ang kakagat. (*bites*) Ayan! Kampante ka na ba, hija?

S. White: Opo. (*bites*) Ang sarap!

Queen: Dahan dahan lang hija.

S. White: Pero kapag binagalan ko, mag-iiba na ng kulay ang mansanas.

Queen: Hindi, hija. Hindi magbabago ang kulay ng mansanas na may GMO. Mananatili itong sariwa.

S. White: Talaga po? (*She gobbles it, chokes, and falls down*)

Queen: (*Surprised*) Ang bilis! (*laughs*) Sa wakas! Tagumpay ang mansanas kong may GMO sa pagpatay sayo! (*exits*)

(*Dwarves enter singing*)

Dwarf 1: Tingnan niyo, nakatulog yata si Snow White habang nagtrabaho.

Dwarf 2: Pero bakit hindi siya pumasok? May sarili naman na siyang kama.

Dwarf 3: Nagiging tamad na siya nitong mga nakaraang araw.

Dwarf 4: Pagod lang siya. Mahirap magtrabaho sa hardin.

Dwarf 5: Parang hindi siya tulog.

Dwarf 6: Hinimatay ba siya?

Dwarf 7: May mali talaga ditto.

Dwarf 1: Hindi na siya humihinga! Patay na siya!

Lahat: Hindi!!!

Dwarf 6: May buto ng mansanas ditto. Hindi ako makapaniwala na naloko pa din siya ng mansanas na may lason!

Dwarf 1: Binalaan naman natin siya tungkol sa Reyna.
Black out

Scene 10 *(In the palace)*

Queen: Kamusta mahiwagang salamin, tapos na ang aking trabaho.
Sabihin mo sa akin, sino ngayon ang nagwagi!

M. Salamin: Ikaw, aking Reyna, ay walang kupas ang ganda.
Pero kahit sa kamatayan, ganda ni Snow White ang namamayani sa lupa.

Queen: Ano?!

M. Salamin: Nilagay nila si Snow White sa loob ng isang ataol na gawa sa salamin.

Queen: Ano ba yan! Hindi na to natapos! Sa ganong lagay, pwede siya hindi maagnas dahil sa dami ng modified genes sa kanyang katawan!

Black out

(the Prince comes with two servants)

Servant 1: Kamahalan, hindi po ba tayo'y dapat nangangaso at hindi nangungulekta ng mga bulaklak?

Prinsipe: *(picking flowers)* Napakaganda ng mga ligaw na bulaklak. Sayang, wala akong mapagbibigyan ng mga ito.

Servant 2: Sigurado ako na mas gugustuhin niya ang pato na pwede makain. Ako mas gusto ko yun.

Prinsipe: Tingnan niyo, may kubo doon! Sigurado ako, pwede tayo kumain ng tanghalian doon. At tingnan niyo, may puno pa ng mansanas! Ang babango ng mga bulaklak at ang gaganda!

Servant 2: May naaamoy pa akong mas mabango, kamahalan! Halina't ating puntahan ang kubo!

Prinsipe: (*sees Snow White*) Ngunit ano to? Sino itong magandang bulaklak na nakahiga rito?

Servant 1: Sigurado ako nagsisimula na sila kumain sa loob.

Prinsipe: Oh magandang binibini, bakit ka natutulog sa ilalim ng salamin na ito?

Servant 1: Baka tapos na siya mananghali, kamahalan at ngayon ay nag-ssiesta! Kamahalan, may paparating!

Dwarf 1: (*coming out*) Anong ginagawa niyo ditto?

Dwarf 2: Layuan niyo ang ataol!

Prinsipe: Ako ang Prinsipe. Hindi ko iiwan ang binibini dito. Siya ang love of my life.

Dwarf 3: Umiibig ka sa patay?

Prinsipe: May kutob akong hindi siya patay.

Dwarf 4: Kami din. Kaya naming siya nilagay sa ataol nay an.

Dwarf 5: Muka lang siyang natutulog katulad ng nakita namin siyang nakahiga sa hardin.

Prinsipe: Nais ko sana siya iuwi sa aming kaharian.

Dwarf 1: Papayag kami kung kaya mo siya gisingin at kung mapapapayag mo siya.

Prinsipe: Ang halik ng tunay na pag-ibig ang sagot sa problema natin! (*they remove the cover*) Pagkatapos kitang halikan, buksan mo ang iyong mga mata, aking mahal at sabihing ika'y akin. (*kisses her*)

Dwarf 4: Wala namang nangyari.

Dwarf 6: Baka naman hindi ka tunay na Prinsipe.

Prinsipe: (*Drawing his sword*) Wag kayong lalapit. Akin siya! Isasama ko siya sa aking kaharian!

Dwarf 2: Hindi mo pwede gawin yan!

Prinsipe: Papatayin ko ang sino mang pipigil sa akin. (*to servants*) Buhatin niyo siya. Babalik tayo sa kaharian ngayon na!

Servant 1: Pero kamahalan.... Tanghalian sana...

Prinsipe: Pag-ibig lamang ang makabubusog sa taong umiibig.

Servant 1: (*whispers to 2*) Pagtawid natin sa tulay, kunyari matatapilok ako at mahuhulog mo ung ataol sa ilog.

Prinsipe: (*hears him*) Subukan mong gawin yan at sisiguraduhin kong tatalunin mo ang ilog para kunin siya ulit.

Black out

Scene 11

(At the Prince's castle)

Prinsipe: (*Servants palce Snow White in her chamber*) Babantayan niyo siya, baka sakaling magising siya sa mga darating na oras o araw. (*goes*)

Servant 1: Nababaliw na yata ang Prinsipe. Ang gusto ng Hari at Reyna ay apo. Siguro babayaran nila tayo pag dinispatsa natin tong katawan ng babae.

Servant 2: O pwede rin natin ipanakaw sa mga dwende ang katawan niya!

Servant 1: Ay nako! Pagod na ako sa kabaliwan niya! Gumising ka na lang kasi! (*he slaps her*)

S. White: (*she chokes and coughs up a piece of apple*) Oh, oh!

Servant 1: Sa wakas! (*looks at the piece of apple*) Nabulunan ka sa mansanas?

Servant 2: Hindi ako makapaniwala.

S. White: Nasan ako? Nasan ang mga kaibigan kong dwende?

Servant 2: Nasa gubat sila. Iniligtas ka ng Prinsipe na na-love at first sight sayo.

Prinsipe: (*enters*) Mahal kong Snow White! Salamat at gising ka na! Ngunit sana ay naibalik mo man lang ng mas maayos ang aking halik.

S. White: Hinalikan mo ako...ng walang paalam?

Prinsipe: Well... pwede mo isiping isa iyong mouth-to-mouth resuscitation.

S. White: Ah talaga. At paano naman un nangyari? (*they kiss*)

Prinsipe: Pakiramdam ko buhay na buhay na ang katawan ko! Maaari mo ba akong pakasalan, Snow White?

S. White: Hindi ako sigurado. Kailangan ko ulit subukan bago ako magdesisyon. *(they kiss)*
Sige, pumapayag na ako! Sabihan mo na ang mga magulang mo! *(they go off together)*

Black out

Scene 12

(in the Prince's palace, one year later)

Prinsipe: *(looking into Snow White's eyes)* Mahal ko, bakit parang malungkot ang mga mata mo.

S. White: At nakikita ko rin sa mga mata mo ang lungkot, mahal ko. Alam kong hindi normal na wala pa tayong anak ngayon. Baka may nangyari sa akin nung ako'y mahabang nakatulog nung nabulunan ako?

Prinsipe: Baka kasalanan ko ito..

S. White: Hindi. May sinasabi ang mga katulong tungkol sa pangalan ko...

Prinsipe: Ano un? Subukan mong alalahanin...

S. White: *(picks up her sewing)* Nananahi daw ang aking ina sa may bintana. Aksidente niyang natusok ang daliri niya. *(pricks her finger)* Aray! Tumulo ang dugo niya sa snow. Pinagmasdan niya iyon at humiling na sana, bigyan siya ng anak na sing puti ng snow, mga labing sing pula ng dugo, at buhok na sing itim ng uhaw na nakaupo sa puno. *(cawing of a raven outside, she faints)*

Prinsipe: Mahal ko, anong nangyari?

S. White: Parang may naramdaman akong kakaiba sa katawan ko. Parang may gumalaw.

Black out

Scene 13

(in the Queen's room)

Queen: Kinasal sila nung nakaraang buwan, bakit hindi nila ako inimbita?

M. Salamin: Siguro kasi, sinubukan mo siyang patayin?

Queen: Siguro nga.

Mahiwanag salamin, sa talinong iyong angkin,
Hindi ba't ang ganda ko'y katangi-tangi sa aking edad at lupain?

M. Salamin: Ano naman? Maganda ka nga... pero nag-iisa at malungkot.

Queen: Well. Mas okay na yun kesa naman pangit ka na nga, mag-isa ka pa. Si Snow White malungkot din dahil hindi pa din siya nagkaka-anak.

M. Salamin: Nagbubuntis na si Snow White.

Queen: Hindi! Hindi ako makapaniwala! So hindi totoo na naapektuhan ng GMO ang pagbubuntis ng tao!? (*phone rings*) Ano?! (*puts down phone*) Nanganak na daw si Snow White sa isang batang babae. Pinapupunta niya ako. Walang maniniwala na lola ako ng anak niya!

Black out

(Queen goes to Snow White's palace)

Queen: Mahal kong anak, salamat sa pagimbata mo sa akin dito. Bago ko makilala ang aking apo, gusto ko sana hingin ang tawad mo. (*she kneels*)

S. White: (*angry*) Tumayo ka diyan at humingi ka ng tawad sa apo mo! Tulad mo, nagdasal ako. Nagdasal ako n asana bigyan ako ng anak na sing puti ng snow, sing pula ng dugo, at sing itim ng uwak! At tingnan mo kung ano ang pinagkaloob sa akin! (*pulls black curtain*) Pulang balat, putting buhok, at itim na mga labi! Kasalanan mo to! Ikaw ang gumawa nito sa anak ko dahil sa mga GMO mo! Tingnan mo siya sa mga mata! Tingnan mo! At mag mula ngayon, ikaw na ang mag-aalaga sa kanya hanggang kayo'y nabubuhay! (*Old Queen takes the child and dances in agony with macabre grotesque movements*)

The End
Wakas